

Taon XXXV Blg. 10 Mayo 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

## Malawakan ang karahasan at pandaraya sa nagdaang eleksyon

aitatala ang katatapos lamang na eleksyon bilang isa sa mga pinakamadugo at pinakabatbat ng anomalya sa kasaysayan ng papet na republika. Muling pinatutunayan ng dumi at dahas ng

halalang 2004 na ang mga reaksyunaryong eleksyon ay hindi kailanman maaaring maging demokratikong paraan ng pagluluklok ng mga pinunong

tunay na kakatawan sa interes ng mamamayan.

Bago man ang eleksyon, tahasan na ang pandaraya ng rehimenq Arroyo nang gamitin ni-

mga reaksyunaryo sa pangunguna ng

National Security Adviser na si Norberto Gonzales, ng militar at pulisya at ng iba pang ultra-Kanang elemento laban sa mga progresibong partido at kandidato.

EOX

Bunga nito, sa mahiqit 140 kataong napatay at di pa mabilang na nabiktima ng harasment at iba pang paglabag sa karapa-


> tang-tao kaugnay ng eleksyong ito, halos sangkatlo ay mga myembro ng Bayan Muna (BM) at iba pang prog-

resibong partido.

Pagsapit ng eleksyon, qinamit laban sa mga progresibo ang parehong mga pamamaraan sa pandaraya at manipulasyon na nakatu-

on sa mga karibal ni Arroyo sa paqkapresidente.


> Lantarang nagkalat ng itim na propaqanda ang militar laban sa mga progresibong partido kandidato at nanghima-



Mga tampok sa isyung ito...

Panununog sa Isabela, kinundena ng BHB PAHINA 3 Pilipinas, baon at lugmok sa utang PAHINA 5 World Bank, palabigasan ng mga imperyalista PAHINA 6 sok sa kondukta ng eleksyon sa mga balwarte ng mga progresibo sa Northern Luzon, Central Luzon, Southern Tagalog, Bicol, Visavas at maraming lugar sa Mindanao. Noong araw mismo ng eleksyon, hinadlangan ng AFP ang mga boto para sa mga progresibo at mga kalaban ni Arroyo. Nangharang sila ng mga botanteng patungo sa mga presinto, nagdikta kung sinu-sino ang dapat iboto, "nagbilang" ng boto sa mga kampo at nagpatupad ng "dagdag-bawas" at iba pang pandaraya para mailipat ang mga boto ng mga progresibo sa mga partidong suportado ng rehimeng Arroyo at ng AFP tulad ng Akbayan, ANAD, Aksyon Sambayanan at Alab Katipunan.

Kagyat pagkatapos ng eleksyon, nagmaniobra ang mga sagadsagarang reaksyunaryong kandidato at mga kakutsaba nilang upisyal sa eleksyon at militar para pilitin na pumabor sa kanila ang bilangan. Inagaw at sinunog nila ang mga balota sa mga presinto at munisipalidad kung saan malakas ang kanilang mga kalaban, laluna kung progresibo. Dinahas at tinakot ang mga lokal na upisyal ng COMELEC. Mismong ang pag-uulat ng mas-



midya ng mga pandaraya sa eleksyon ay tinangkang busalan. Kagyat na idineklara ng rehimeng Arroyo na gagamitan ng dahas militar ang sinumang nagbabalak maglunsad ng kilos protesta laban sa pandaraya.

Karapatan ng mamamayan na isigaw ang kanilang indignasyon sa laganap na karahasan at pandaraya sa eleksyon at ilantad ang kahung-kagan ng halalan. Maaaring makipagkaisa ang mga progresibong partido at kandidato sa iba pang mga kandidato at pwersa na bikti-

ma rin ng karahasan at pandaraya, at pukawin at pakilusin ang malawak na masa ng sambayanan upang sumbatan ang mandarayang rehimen, hubaran ito ng anumang pagkukunwaring ito ay lehitimong halal ng bayan at pigiling gamitin ang umano'y basbas ng nagdaang eleksyon para muling ibwelo ang mga anti-mamamayang patakaran.

Maiuugnay ang mga usaping ito sa lumalalang mga sosyo-ekonomikong problema ng mamamayan na nagbubunga ng kanilang malawakang disgusto.

Idiniriin ng mga pangyayaring ito na ang tunay na demokrasya at makabuluhang pagbabago ay hindi hinuhubog sa mga hungkag na prosesong elektoral. Pinapanday ito ng militanteng pagkilos ng mamamayan sa mga lansangan, sa mga pabrika, ekswelahan, komunidad at nayon. Binibigyang laman at hugis ito ng rebolusyonaryong kilusang rumaragasa sa malawak na kanayunan at iba't ibang bahagi ng kapuluan, unti-unting umuuk-ok sa reaksyunaryong kapangyarihan at nagtatayo ng mga organo ng tunay na demokratikong kapangyarihang bayan. Lalong tumitingkad ang kawastuan ng armadong pakikibaka bilang pangunahing daan tungo sa saligang pagbabago ng lipunan. 📠

## \*Bayan

Taon XXXV Blg. 10 Mayo 21, 2004

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	
Karahasan at pandaraya	
sa eleksyon	1
Reaksyunaryong eleksyon	
Panununog sa Isabela	3
Pandaraya sa Eastern Visayas	4
Karahasan sa Mindanao	4
AFP, RPA laban sa mga progresibo	5
Pambansang utang	5
Walang katapusang pangungutang	6
Ika-60 taon ng World Bank	7
Mga ulat koresponsal	
Parangal kay Ka Boyet	8
Sa Ibayong dagat	
Labanan sa Dien Bien Phu	10
Cuba laban sa US	11
Balita	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

### Panununog sa Isabela, kinundena ng BHB

ariing kinundena ng Benito Tesorio Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Isabela ang karahasan at pandaraya ng pamilyang Dy sa prubinsya kaugnay ng eleksyon. Noong Mayo 11, sinunog ng armadong kalalakihan ang mga balota at iba pang gamiteleksyon sa bayan ng Jones at San Mariano. Malisyoso itong ibinintang ng mga Dy sa BHB.

Ang totoo, ayon kay Ka Delio Baladon, tagapagsalita ng kumand, isinagawa ito ng 5th ID, mga pribadong goons at mga alipures ng pamilyang Dy nang maging malinaw nang ilalampaso ng kanilang mga kalaban kapwa sina Alexander Dy na kandidato sa pagkameyor ng San Mariano at Faustino Dy Jr. na kandidato sa pagkagubernador.

Umaga pa lamang ng Mayo 11, nagbanta na si Alexander Dy laban sa mga poll watcher at mga myembro ng COMELEC na nagbibilang ng mga boto sa munisipyo ng San Mariano. Bandang alas-10 ng gabi, biglang nilusob ng kalalakihang sakay sa dalawang van ang munisipyo. Pinaulanan ng putok ang munisipyo sa loob ng halos 30 minuto. Bago umalis, tinangay nila ang anim na ballot box.

Samantala, bandang alas-10 din sa parehong gabi, pinasok ng 16 na lalaki ang munisipyo ng Jones habang nagaganap ang bilangan. Pinadapa ang mga naroon, kinunan ng mga cellphone at sinunog ang upisina at lahat ng pumasok na talaan ng mga boto mula sa iba't ibang presinto. Umabot sa 40% ng mga balota ang nasunog.

Ayon sa datos na nakalap ng National Democratic Front sa Northeastern Luzon, noong araw ng halalan ay nagpabaha ng pera at pagkain ang pangkat ni Dy sa buong Isabela. Nagtambak din sila ng mga tropa ng AFP sa mga barangay ng Benito Soliven, Ueg, Casala, Macayucayu, Alidabad, San Mariano

at sa mga barangay na saklaw ng Forest Region, Jones at Echague upang takutin ang mga botante.

Muli ring ipinasara ng pamilyang Dy ang Bombo Radyo DZNC sa mismong araw ng eleksyon dahil sa madalas nitong pagbatikos sa mga anti-mamamayang patakaran ng angkan.

Ang panununog sa Jones at San Mariano ay bahagi ng pakana ng mga Dy na lumikha ng malaking kaguluhan upang magdeklara ng failure of elections (kabiguan ng eleksyon) sa prubinsya at mabalewala ang resulta ng botohan.

Nang hindi magbunga ang kanilang pakana, tuluy-tuloy na naglunsad ng kampanyang pananakot ang pangkating Dy laban sa mga tauhan ng COMELEC sa antas prubinsya. Dahil dito, nagbitiw ang board of canvassers at napilitang isuspinde ang bilangan hanggang makapagpadala ang COMELEC ng hahalili sa kanila. Sa upisyal na pagbibilang ng COMELEC at di upisyal na pagbibilang ng NAMFREL, ang progresibo at popular na dating brodkaster na si Gracia Padaca ay lumalamang nang malaki kay Gov. Dy sa eleksyon para sa gubernador ng Isabela.

Mahigpit at madugo ang kontrol ng pamilyang Dy kapwa sa pulitika at ekonomya ng Isabela sa nakaraang 40 taon. Napanatili at napalawak ng angkan ang dinastiya



nito sa pamamagitan ng paggamit sa kanilang kapangyarihang buruk-rata-kapitalista. Epektibo rin nitong nagamit bilang pribadong hukbo ang militar at pulisya bukod sa goons at mga kriminal na elemento sa prubinsya.

Mula pa noong dekada 1960, walang pakundangan ang pandarahas ng mga Dy sa sinumang humahamon sa kanilang paghahari. Mahaba at madugo rin ang talaan ng kanilang mga paglabag sa mga karapatang-tao ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya.

Mahalagang salik sa paghina ng ilang dekadang dominasyon ng pamilyang Dy sa reaksyunaryong pulitika sa Isabela ang malakas na paglaban ng mamamayan at mga gitnang pwersa, ang tapang ng mga humahamon sa kontrol ng mga Dy at ang masiglang pagsusulong ng armadong pakikibaka, kilusang masa at progresibong pulitika sa prubinsya. Dahil dito, natalo ang apat sa pitong myembro ng angkan na kumandidato para sa iba't ibang pusisyon. Bukod kina Faustino Jr. at Alexander, tiyak din ang pagkatalo nina Benjamin Dy Jr. sa pagkaalkalde ng Angadanan at Eloisa Dy-Valle sa pagkakonsehal ng Cauayan City.

# AFP ang may kagagawan ng karahasan, pandaraya sa eleksyon—NDF-Eastern Visayas

Pinabulaanan ng National Democratic Front (NDF) sa Eastern Visayas ang mga paratang ng AFP na ang Bagong Hukbong Bayan ang nagpasimuno ng mga iniulat na insidente ng karahasan sa rehiyon kaugnay ng katatapos na eleksyon.

Sa isang pahayag, mariing itinanggi ni Fr. Santiago Salas, tagapagsalita ng NDF-Eastern Visayas, na ang BHB ang responsable sa pagkakadukot ng dalawang pollwatcher sa Motiong, Samar at ng pang-aagaw ng mga balota sa Silvino Lobos, Northern Samar noong Mayo 11. Bagkus, aniya, ang mga elemento ng 8th ID ang naghasik ng lagim at nangharas sa

mga botante noong Mayo 10, laluna sa malalayong baryo ng mga bayan ng Matuguinao, Gandara, San Jorge, Motiong, Paranas, Pinabacdao, Basey at Borongan sa isla ng Samar. Sa Tabango, Leyte, ayon kay Salas, 80 pamilya ang pinagbawalan ng militar na bumoto.

Ayon kay Fr. Salas, ang kondukta ng nakaraang halalan ay patunay na niloloko lamang at binibik-

tima ang mamamayan sa mga reaksyunaryong eleksyon.

Samantala, pinabulaanan din sa isang ulat koresponsal mula sa rehiyon ang balita na pitong Pulang mandirigma ang namatay sa isang depensiba sa Barangay Palanit, San Isidro, Northern Samar noong umaga ng Mayo 6. Bukod sa ligtas na nakaatras ang lahat ng mga napalabang gerilya ng BHB, nakapagdulot sila ng di pa malamang bilang ng mga kaswalti sa nakaengkwentro nilang mga tropa ng 20th IB.

# Karahasan sa eleksyon, itinala ng NDF-Mindanao

ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang pangunahing responsable sa laganap na pandaraya at karahasan sa Mindanao kaugnay ng katatapos na eleksyon. Ayon kay Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, sa 82 insidente ng karahasan kaugnay ng eleksyon na naganap mula Abril hanggang Mayo 12, animnapu't lima (65) o halos 80% ay kagagawan ng mga armadong pwersa ng estado at partido ng administrasyon. Apatnapu't pitong indibidwal ang namatay sa mga insidente ng pananambang, reyd, pagdukot at iligal na pang-aaresto, pamamaslang, istraping, pambubugbog, pagbabanta at iba pa.

Pinakamatingkad ang tatlong kaso ng pamamaslang sa Compostela Valley: ang pagpatay sa tatlong myembro ng Bayan Muna (BM) sa Laac; kay Rodolfo Gogo, tagasuporta ng BM mula sa Monkayo; at kay Boy Galang, tserman ng Mt. Diwata Alliance. Sunud-sunod ring pinatay ang apat na kapitan ng barangay sa ikalawang distrito ng Zamboanga del Sur.

Lahat din ng maisipang paraan ng pandaraya ay ginamit di lamang laban sa mga karibal na kandidato ng administrasyong Arroyo kundi sa mga progresibong partido. Kabilang dito ang pagkakalat ng itim na propaganda at pagbabanta; pagmamaniobra para hindi makatuloy sa presinto ang mga botante; pamimili ng boto at pagsama ng mga patay sa listahan ng mga botante; sadyang pagpapatagal ng bilangan sa mga kampong militar laluna sa mga komunidad ng mga Moro; pagpapalit sa mga certificate of canvass o "dagdag-bawas"; panunuhol sa mga upisyal ng COMELEC; paggamit sa pondo, tauhan at pasilidad ng gubyerno at iba pa.

Kapansin-pansin na wala ni




isang insidenteng naganap kaugnay ng grupong Jemaah Islamiyah, taliwas sa pananakot ng rehimen bago mag-eleksyon. Kapansin-pansin din na iilang kaso ang naibintang sa Bagong Hukbong Bayan (BHB), taliwas muli sa propaganda ng rehimen na ang pangunahing banta ng karahasan sa eleksyon ay nagmumula sa BHB. Ayon kay Ka Oris, karamihan sa mga insidenteng iniuuqnay sa BHB ay may kinalaman sa paqpapatupad ng rebolusyonaryong hustisya o pagbira sa mga lehitimong target-militar at walang kaugnayan sa eleksyon.

### Militar, RPA nangampanya laban sa mga progresibong partido

Hayagang nangampanya ang militar at ang bandidong Revolutionary Proletarian Army (RPA) sa Panay at Negros laban sa Bayan Muna at iba pang progresibong partido at gayundin, laban sa mga katunggali ng mga kandidato ng rehimeng Arroyo para sa kongreso at lokal na pamahalaan.

Ilang araw bago ang eleksyon, maramihang ipinakat ang mga tropa ng 47th IB sa mga lugar na tinataya nilang malakas ang suporta ng mga progresibong partido, laluna sa Iloilo. Hayagang nangampanya sa mga lugar na ito sina Maj. Oscar Lasanque, hepe nq AFP Civil Relations Group at Capt. Leon Marguez ng 47th IB laban sa mga progresibo. Bago ito, iniulat na aktibong nangangampanya ang RPA laban sa Bayan Muna at para sa Alab Katipunan na tumatakbo rin sa eleksyong party-list bilang isang prenteng organisasyon ng RPA. Noon namang Marso, kasa-kasama ng militar ang mga kasapi ng anti-komunistang Alliance for Nationalism and Democracy (ANAD) sa pagpapaskil ng mga poster at pamamahagi ng mga polyeto laban sa Bayan Muna at iba pang progresibong partido.

Mula Mayo 7 hanggang 11, naglunsad ng malawakang operasyong militar ang 11th IB, 12th IB at 61st IB katulong ang RPA at dalawang prubinsyal na kumand ng PNP. Pangunahin nilang kinonsentrahan ang ikalimang distrito ng Negros Occidental para pigilin ang pagboto ng mamamayan sa mga progresibong partido at pilitin silang bumoto kay kay Ignacio "Iggy" Arroyo, bayaw ni Gloria Arroyo.



# Gubyerno at mamamayan ng Pilipinas, baon sa utang

anda ng patuloy na pagkabulok ng gubyerno at pagkakalug-mok ng ekonomya, tinatayang ang kabuuang utang ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas ay papantay o hihigit pa sa kabuuang halaga ng lokal na ekonomya pagsapit ng katapusan ng 2004. Ang palaki nang palaking utang ay nagreresulta sa malalang pagkakait ng mga saligang pangangailangan sa buhay kasabay ng pabigat nang pabigat na pasanin sa balikat ng sambayanang Pilipino

Noong nagdaang Pebrero, ang kabuuang panlabas at lokal na utang ng gubyerno ng Pilipinas ay umabot na sa P4.13 trilyon. Ito ay 95% na ng P4.32 trilyong kabuuang halaga ng lokal na produksyon sa loob ng bansa mula Pebrero 2003 hanggang Pebrero 2004. Pagsapit ng katapusan ng 2004, inaasahang magpapantay na ang kabuuang utang ng gubyerno at kabuuang halaga ng lokal na ekonomya.

Kung idaragdag pa ang P1 trilyong pisong utang ng mga lokal na gubyerno, mga korporasyon ng gubyerno at mga utang ng pribadong sektor na ginagarantiyahan ng gubyerno, aabot na sa mahigit P5.5 trilyon ang kabuuang utang ng pampublikong sektor sa Pilipinas o mahigit 125% ng halaga ng ekonomya.

Patuloy na lumalaki ang pampublikong utang ng Pilipinas samantalang walang kaakibat na pag-unlad ang ekonomya. Kumpara sa Pebrero noong nakaraang taon, lumobo nang 17.5% (o mahigit P600 bilyon) ang kabuuang pampublikong utang ng bansa. Samantala, ayon sa datos ng gubyerno, lumawak lamang nang 4.5% (o P33.64 bilyon) ang lokal na produksyon noong 2003.

Bukod sa utang ng pampublikong sektor ng Pilipinas, ang mga panlabas na utang ng pribadong sektor ay umaabot na nang mahigit \$30 bilyon. Ang kabuuang panlabas na utang ng mga pribado at pampublikong sektor ng Pilipinas ay mahigit nang \$57 bilyon (katumbas ng P3.2 trilyon).

Walang ibang ginagawa ang reaksyunaryong estado upang lutasin ang pagdurugong ito sa sistemang pampinansya kundi ang walang katapusang pangungutang upang may maipambayad sa dating mga utang

Ang problema sa kakulangan ng pinansya ay tuluy-tuloy na pinalalala ng malaking kakulangan at katiwalian sa nakokolektang buwis, lansakang pangungurakot at pagnanakaw ng mga burukrata, napakalaking gastos sa militar at iba pang anti-mamamayan, inutil at palamuting programa at maling mga prayoridad. Ibayong pinsala ang idinudulot ng pandarambong sa bayan ng mga imperyalista at mga kakutasaba nilang lokal na burukrata-kumprador.

Dulot ng mga ito, di malutaslutas ang taun-taong lumalaking depisit sa badyet. Kumpara sa P132.2 bilyong depisit sa badyet noong 1999, mas malaki nang 32.86% ang P199.9 bilyon depisit noong 2003. Kung isasama pa ang depisit ng mga lokal na gubyerno at mga korporasyon ng estado, ang depisit ng gubyerno ay aabot nang P244.6 bilyon noong isang taon.

Upang iwasang lumagpas na

### Walang katapusang pangungutang

Ang papalalang pagkakabaon ng Pilipinas sa utang ay nakaugat sa neokolonyal, atrasado, di-industriyalisado at bangkaroteng kalagayan nito. Tuluy-tuloy na nalulugi ang bayan sa neokolonyal na kalakalan kaya't palaging kailangang umutang nang umutang para punuan ang depisit sa pandaigdigang kalakalan.

Mula pa noong huling bahagi ng dekada 1970, nagsimula nang tumindi ang krisis sa sobrang suplay at bagsak na presyo ng mga hilaw na materyales at tradisyunal na produktong agrikultural (asukal, troso, kopra at iba pa) sa pandaigdigang pamilihan.

At mula huling bahagi ng dekada 1980, ang krisis naman sa sobrang suplay ng mga malamanupaktura (mga pyesang elektronik, kasuotan at iba pa) ang lumubha. Pinalala pa ang ganitong kalagayan pagpasok ng dekada 1990 dulot ng pagpapatupad ng imperyalistang patakarang "globalisasyon" laluna ng liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan. Ang Pilipinas ay ibayong naging tambakan ng mga sobrang produkto ng mga imperyalista na sumasalanta sa lokal na produksyong agrikultural at industriyal. Ibayo nitong winasak ang mga produktibong pwersa.

Sinalanta ang ekonomya ng Pilipinas ng krisis pampinansya sa Asia noong 1997 sa anyo ng pagputok ng bula ng ispekulatibong kapital. Nagdulot ito ng malawakang krisis sa pinansya na sumaklot maging sa iba pang bansa sa Asia at Latin America. Hindi pa nakakaahon mula sa mga nakaraang krisis, sinundan na naman ito noong 2000 ng matinding resesyon sa mga sentro ng kapitalismo na hanggang sa kasalukuyan ay dinaranas pa ng US at laluna ng mga atrasadong bayan.

Nakikita sa takbo ng ekonomya ng bayan at ng pandaigdigang sistemang kapitalista na napipinto ang pagsambulat nitong mga susunod na taon ng mas matindi pang krisis sa pinansya at pagkabaon sa utang ng ekonomya ng Pilipinas.

naman sa target na P199 bilyong depisit sa badyet ng gubyerno para sa 2004, kailangan na namang dagdagan ang utang ng gubyerno at pampublikong sektor.

Walang ibang ginagawa ang reaksyunaryong estado upang lutasin ang pagdurugong ito sa sistemang pampinansya kundi ang walang katapusang pangungutang upang may maipambayad sa dating mga utang at maipantawid sa kasalukuyang mga kinakailangang gastusin, at ang "pagtititipid" sa mga gastusin sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga batayang serbisyo, laluna para sa mga maralita.

Ang papalaking binabayarang interes at iba pang bayad-utang ay

lalo pang nagpapalala sa problema. Dahil inuutang din ang mga pambayad-utang, lalo pa nitong ibinabaon ang gubyerno at mamamayan sa utang. Lalong napipiga ang ekonomyang tigang na tigang sa puhunan at produksyon.

Aabot na sa 31.2% ng pambansang badyet o P542.2 bilyon ang inilaan ng gubyerno sa pagbabayad-utang sa badyet ngayong 2004—mula 18% noong 1999. Sa nakaraang apat na taon, ang halagang ipinambabayad-utang ay lumaki nang 97.5%, samantalang walang katapusang pagtitipid ang ginagawa ng gubyerno sa mga gastusin sa mga kinakailangang serbisyong panlipunan.

## World Bank, palabigasan ng pinakamalalaking imperyalistang korporasyon

a nakaraang 12 taon, bilyun-bilyon ang ibinuhos ng World Bank (WB) para sa mga proyektong pang-enerhiya gaya ng pagtatayo ng malalaking dam, pagmimina ng mineral at langis, paglalatag ng mga pipeline ng langis at iba pa. Ang mga proyektong ito ay nagdulot ng malawakang dislokasyon sa buhay at kabuhayan ng mamamayan at puminsala sa kalikasan sa mga lugar kung saan inilunsad ang naturang mga proyekto.

Isinagawa ang mga ito nang walang anumang pagsaalang-alang sa kapakanan ng mamamayan at sa kabila ng kanilang mariing mga paqtutol.

Kasabay ng paghuthot sa likas na yaman ng mga atrasadong bansa, ang mga proyektong ito ay nagpapalala ng mga sosyo-ekonomiko at pampulitikang suliranin sa mga bansang pinaglulunsaran ng mga ito. Halimbawa, pinalalayas at inaagaw ang lupa ng mga taong naninirahan sa mga apektadong lugar at iba't iba pang anyo ng panunupil ang inihahasik laban sa mamamayang nasasagasaan at tumututol sa proyekto.


Masahol pa, ang tunay na nakikinabang lamang dito ay ang lima sa 10 pinakamalalaking korporasyon sa daigdig at 10 iba pang dambuhalang korporasyon. Karamihan pa sa kanila'y mga impervalistang kumpanyang Amerikano na itinulak ng pinakamatataas na pinuno ng qubyerno sa US para paburan ng WB. Karamihan sa mga ito ay nalantad at nakasalang sa mga imbestigasyon sa US at iba pang lugar kaugnay ng mga pandaraya sa mga libro de kwenta, panggagantso, panunuhol, manipulasyon ng pamilihan, at/o mga pag2004. Pagkatapos ng paglusob at pagsakop ng US sa Irag, karamihan ng mga provketong itong ay para sa "rekonstruksyon" ng Iraq at paghuthot at paglalabas ng US ng langis mula sa Irag. Kapalit ito ng \$32 bilyon na iniambaq nila sa kampanya ni Bush sa halalan sa US noong 2000. Sa mga proyekto pa lamang na

nuhos ng World Bank sa gayong

mga proyekto mula 1992 hanggang

langis, \$10.7 bilyon ang pondong ibinuhos ng WB sa parehong panahon. Numero uno na sa mga nakinabang dito ang Halliburton, isang kumpanyang pinatatakbo ng mga kroni ng pamilya at gubyernong Bush. Isa ito sa pinakamalalaking nakinabang noong 1996-2000, nang presidente nito si Richard Cheney, ang kasalukuyang bisepresidente ng US. Ginamit ni Cheney ang kanyang malawak na impluwensya sa pulitika upang makakuha ng mga utang mula sa WB at iba pang bangko. Sa pagtataguyod nina Bush at Cheney, ang Halliburton din ngayon ang isa sa mga kumpanyang pangunahing nabibiyayaan ng matatabang kontrata para sa "rekonstruksyon" at proyekto sa panghuhuthot at paglalabas ng langis ng Irag.

Tumanggap din ng pondo ang



nakatuon sa

labag sa mga karapatang-tao.

Mahigit \$28 bilyon na ang ibi-

yang batbat ng mga anomalya katulad ng Enron, El Paso Energy, General Electric at maging ang Harken Energy, kumpanya kung saan dating nagtrabaho at may mga sosyo si Pres. George W. Bush ng US.

Sa Pilipinas, kabilang sa mga provektong pinopondohan ng WB ang Sual coal-fired power plant sa Pangasinan na itinatayo ngayon ng ABB Alstom, isang korporasyong Belgian at The Southern Company ng US. Ang WB din ang nagpopondo sa pagtatayo ng oilfired power plant sa Bataan na pinangangasiwaan ng Covanta Energy ng US.

Karamihan sa mga provekto sa langis na pinondohan ng WB ay hindi nakatuon sa produksyon ng langis para sa konsumo ng mga bansang kinapapalooban nito. Walumpu't dalawang porsvento (82%) ng mga proyekto ay nakatuon sa imprastruktura para sa pagluluwas ng langis tungo sa Western Europe, US, Canada, Australia at Japan.

Taliwas na taliwas sa ipinangangalandakang programa ng WB para sa isang "mundong walang kahirapan" ang pagpopondo nito ng mga korporasyong multinasyunal, laluna ng mga korporasyon ng langis. Umaalma maging ang masusugid na tagapagtanggol ng institusyon. Inirekomenda ng Extractive Industries Review (EIR) sa isang pag-aaral na kinomisyon ng WB mismo na marapat na nitong itigil ang pagpopondo sa mga kumpanya ng langis. Ibinunyag ng EIR na karamihan sa mga proyektong ito ay batbat ng anomalya at kontrobersya. Hindi lingid sa kaalaman ng WB na nagaganap ang malawakang paglabag sa mga karapatang-tao at korapsyon ng mga kakutsabang lokal na naghaharing uri sa mga lugar kung saan itinatayo ang mga proyekto.

### Ka Boyet, mahusay na rebolusyonaryong kadre at kumander

oong Marso 9, 2004, nasawi sa isang labanan sa San Felipe, Zambales si Joselito "Ka Boyet" Talens. Pito pang mga kasama, sina Ka Chris, Ka Raffy, Ka Esie, Ka Deya, Ka Emil, Ka Marco at Ka Archie, ang naging martir ng rebolusyon sa naturang labanan.

Ipinanganak si Ka Boyet noong Disyembre 31, 1964. Pangalawa siya sa limang magkakapatid sa isang pamilyang petiburges. Namulat siya noong 1982 habang nagaaral sa University of the East para maging dentista. Sumapi siya sa Kabataang Makabayan sa kasunod na taon at naging tagakoordina ng alyansa ng mga progresibong organisasyon sa loob ng unibersidad. Nang lumipat siya sa Centro Escolar University noong 1984, pinangunahan niya ang gawaing pag-oorganisa roon.

Partido noong 1985 nang bumalik siya sa kanyang bayan sa Nueva Ecija. Niyakap niya mula noon ang Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang rebolusyonaryong teorya ng uring manggagawa. Nagsikap siyang magpanibagong-hubog, talikuran ang uring petiburges at itaquyod ang proletaryong paninindigan, pananaw at pamamaraan.

Naging kasapi siya ng

Naging pangalawang kalihim si Ka Boyet ng sangay ng Partido sa isang paaralan sa Cabanatuan City noong 1985. Sa sumunod na taon, naging pangalawang kalihim siya ng istap ng Komiteng Prubinsya na nakatutok sa sektor ng kabataanestudyante. Hunyo 1987 nang maqpasya siyang sumanib sa Bagong Hukbong Bayan. Nasa kasag-



sagan noon ang implementasyon ng maling linya ng "estratehikong kontra-opensiba" at lusaw ang organisasyon ng Partido sa loob ng yunit ng hukbo na kanyang kinapalooban.

Sa kabila ng mga kahirapang kanyang dinanas, nagsikap si Ka Boyet na gampanan ang mga tungkulin niya bilang upisyal pampulitika ng yunit. Nagbigay siya ng mga pag-aaral pampulitika at pampartido sa mga mandirigma, pinangunahan ang mga pagtatasa at pagpuna at pagpuna sa sarili at nagsikap patatagin ang komitment





Isa si Ka Boyet sa maraming kasama sa rehiyon na nakapagambag nang malaki sa pagpapanibagong-lakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa gabay ng IDKP.

ng mga kasama.

Noong 1988, pansamantalang naputol ang ugnay ni Ka Boyet sa Partido at hukbong bayan nang atakehin ang isang pulong ng Partido sa antas rehiyon at madakip doon ang maraming namumunong kadre ng Partido at kumander ng BHB. Nang muling makaugnay at makabalik si Ka Boyet, sumanib siya sa isang yunit ng Hukbo na nagpapatupad ng hibang na kampanyang anti-impiltrador. Lubos itong nakaapekto sa kanya at nagdulot ng pananamlay na humantong sa pamamahinga nang dalawang taon. Ipinaalam niya sa kinauukulan ang lahat ng kanyang aktibidad habang wala sa kilusan.

Taong 1991, muling nagpultaym si Ka Boyet. Dahil sa kalakhan ay mahusay ang kanyang rekord sa pulitika at militar, qinawa siyanq kagawad ng istap pangmilitar ng rehiyon at napabilang sa isang yunit paniktik nito.

Noong 1992, isinulong ng Partido ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) matapos ang paglalagom ng higit isang dekadang karanasan. Lubos itong naintindihan at niyakap ni Ka Boyet. Sa pamamagitan nito, lubos niyang nailugar ang sariling mga karanasan. Lalong tumibay ang kanyang pasya at mula noo'y tuluy-tuloy na siyang kumilos. Isa si Ka Boyet sa maraming kasama sa rehiyon na nakapag-ambag nang malaki sa paqpapanibagong-lakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa gabay ng IDKP.

Noong Abril 1994, naging bahaqi si Ka Boyet sa paqhahanda para maging larangang gerilya ang hilagang silangang bahagi ng Tarlac. Ito ang naging Front 2 ng Tarlac. Kasabay ng pagiging kagawad ng Komiteng Prubinsya ng Partido sa Tarlac, tumayo siyang kalihim ng Komiteng Larangan at kumander ng hukbo rito. Malalaking hamon ang sinuong ni Ka Boyet at ng kanyang mga kasama sa pagtatayo ng larangang gerilya sa bahaging ito ng Tarlac. Ang tereyn nito ay patag na patag, walang bundok o burol na maqaqamit na likuran, taqus-taqos ng mga kalsada, madalang ang sukal at malapit sa himpilan ng Northern Luzon Command ng AFP. Nakapagpursige sina Ka Boyet at kasama niyang mga pwersang gerilya sa ganitong klase ng tereyn.

Batay sa kanyang ipinakitang pamumuno at tataq bilang kadre ng Partido, masikhay na pagtataguyod sa linya ng Partido at kongkretong naiambag sa rebolusyonaryong kilusan mula pa noong 1983, inihalal si Ka Boyet bilang kagawad ng Komiteng Rehiyon sa plenum nito noong Abril 2000.

Noong 2001, dumanas ang mga pwersa sa Tarlac ng malaking pinsala dahil sa magkasunod na depensiba at pagkadurog ng dalawang yunit sa kanlurang bahagi ng prubinsya. Nagtuluy-tuloy ang mga operasyong militar ng kaaway sa tangkang tuluyang durugin ang rebolusyonaryong pwersa sa prubinsya. Ngunit biniqo ng mga kasama ang ganitong pakana ng kaaway. Hindi lamang nila naipreserba ang sarili, bagkus ay muling napalaki at napalakas ang Partido, hukbong bayan at baseng masa.

Isa si Ka Boyet sa mga pangunahing inasahan ng Partido at Hukbo sa kritikal na yuqtong ito sa kasaysayan ng Tarlac. Inilipat siya para tumayong bagong kalihim ng Komiteng Larangan at kumander ng pamprubinsyang yunit gerilya kung saan nangyari ang malalaking depensiba. Pinamunuan ni Ka Boyet ang sunud-sunod na matatagumpay na taktikal na opensiba roon na bagamat maliliit ay may malalaking epektong pampulitika. Tumaas ang mapanlabang diwa ng hukbong bayan at ng masa.

Matapos ito, idineploy si Ka Boyet upang harapin ang hamon sa pagpapalawak at pagpapatatag ng rebolusyonaryong kilusan sa Zambales at Pangasinan. Nakipamuhay at naggawaing masa ang kanilang yunit sa hanay ng mga Aeta at iba pang maralitang magsasaka roon. Noong siya'y mamatay, si Ka Boyet ay kagawad rin ng Komite sa Zambales-Pangasinan at kalihim ng nakapailalim dito na komite sa edukasyon, kalihim ng sangay ng Partido sa platun at pampulitikang instruktor ng yunit.

Halaw sa mensahe ng Komiteng Rehiyon ng PKP at ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng BHB sa Central Luzon noong Marso 11, 2004.



## Ang makasaysayang Labanan sa Dien Bien Phu

inunita ng mamamayang Vietnamese noong Mayo 7 ang ika-50 anibersaryo ng Labanan sa Dien Bien Phu. Ang labanang ito ang kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng sangkatauhan kung saan lubos na ginapi ng isang maliit na kolonya ang isang malaking kolonyalistang kapangyarihan. Sa paglalagom noong dekada 1960 ni Ho Chi Minh, pinuno ng partido komunista at unang pangulo ng Vietnam, ang nakamit sa Labanan sa Dien Bien Phu ay "isang dakilang tagumpay ng mamamayang Vietnamese, gayundin ng mga pwersa ng kapayapaan, demokrasya at sosyalismo sa daigdig."

Sa labanang ito, dinurog ng Vietnam People's Army (VNPA) sa loob ng 55 araw ang mas malaki at mas modernong hukbo ng imperyalistang France. Nalipol at nabihag ang 16,000 kaaway na napalibutan sa Dien Bien Phu. Nag-alay doon ng kanilang buhay ang 10,000 patriyotikong Vietnamese.

Nayanig ang buong Europe sa

ipinamalas na kaqitingan ng mamamayang Vietnamese sa Labanan sa Dien Bien Phu. Dahil dito, napilitan ang France na tapusin na ang halos isandaang taong pananakop nito sa Vietnam at iba panq bansa sa Indochina. Sa talumpati niya sa paggunita sa labanan, sinabi ni Gen. Vo Nguyen Giap, noo'y Punong Kumander ng VNPA at kaqawad ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral ng Partido, ang tagumpay sa Dien Bien Phu av patunay na kayang talunin ng isang determinadong bansa ang dayuhang mananakop gaano man kalaki ang

Bago pa man naganap ang labanan sa Dien Bien Phu, kabilang

kapangyarihan nito.

ang rebolusyonaryong kilusan ng mamamayang Vietnamese sa panibagong daluyong ng matatagumpay na rebolusyonaryong pakikibaka sa iba't ibang bahagi ng mundo makaraan ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nasimulan ang pagtatatag ng mga sosyalistang rehimen sa Eastern Europe noong 1948 at nagtagumpay naman ang bagong

demokratikong rebolusyon sa China noong Oktubre 1949. Noong Enero 1950, kinilala ng Soviet Union, China at iba pang republikang bayan ang bagong tatag na Democratic Republic of Vietnam (DRVN).

Subalit tinangkang baligtarin ng mga pwersang imperyalista ang mga tagumpay na nakamit ng mamamayang Vietnamese at pigilin ang pagkalat pa ng rebolusyonaryong agos sa ibang bayan ng Indochina at Asia. Sa basbas ng imperyalismong US, binalangkas noong kalagitnaan ng 1953 ni Gen. Henri Navarre, punong kumander ng mga ekspedisyunaryong tropa sa Indochina, and tinaguriand "Navarre Plan." Naglalayon itong bawiin mula sa mga Vietnamese sa loob ng 18 buwan ang estratehikong inisyatiba at muling patatagin ang imperyalistang dominasyon sa buong Indochina. Mahigpit itong nilabanan ng mamamayang Vietnamese.

Lalong tumatag ang diwang mapanlaban at humiqpit ang pagkakaisa ng Partido, hukbong bayan at mamamayang Vietnamese na ipagtanggol ang kanilang natamong mga tagumpay nang ilunsad ng Partido and serve nd limang kampanya sa reporma sa lupa sa mga pinalayang purok mula Abril 1953 hanggang Hulyo 1954. Kasabay nito, inilunsad ang kampanya para iwasto ang ilang pagkukulang sa gawaing masa.

Pagsapit ng Disyembre
1953, matapos ang mahigpit na mga pagtatalo at
palitan ng pananaw, pinagpasyahan ng Komite Sentral ng Partido ang paglulunsad ng isang
mapangahas na digmang
may estratehikong katangi-

an upang biguin ang "planong Navarre." Ang pinakatarget ng kampanya: pabagsakin ang Dien Bien Phu, ang sentro ng poder militar ng France sa hilagang kanlurang Vietnam.

Ipinaqkatiwala kay Gen. Giap ang tuwirang kumand sa kampanyang ito. Gamit ang iilang kasangkapan pa lamang na hawak nila, agad sinimulan ng mga bagong buong yunit ng artilerya at impantri ng mamamayang Vietnamese ang konstruksyon ng daan-daang kilometro ng lansangang tagustagusan sa mga gubat at bundok tungo sa larangan ng labanan. Ang sistema ng mga lansangan at trinserang ito ang dinaluyan ng mga tropa, kagamitang militar, suplay at komunikasyon mula sa mga pinalayang purok sa hilagang Vietnam tungo sa Dien Bien Phu. Sa mga krusyal na lugar din dito ipinwesto ang mabibigat na sandata tulad ng mga kanyon. Pinasan ng mga tropang Vietnamese ang mga kanyon sa matataas na bundok at mga lambak kahit tuluy-tuloy na pinauulanan ng bala ng kaaway ang mga tropang Vietnamese.

Patunay sa masiglang pagtugon ng masang Vietnamese sa islogang "lahat para sa larangan, lahat para sa tagumpay," nagbuhos ang 200,000 boluntir ng mahigit 3,000,000 araw-paggawa para maipagtagumpay ang opensiba sa Dien Bien Phu. Magiting na nagbukas ng mga bagong lansangan ang ilampung libong kabataan na kasapi ng mga shock brigade. Kasama ang mga engineering unit, pinangahasan din nila ang pagpapawalambi-

sa sa mga bombang delayed-action na itinanim ng kaaway sa mga linya ng komunikasyon. Naghakot sila ng bigas, pagkain at amunisyon para sa larangan, gamit ang lahat ng maaaring moda ng transportasyon gaya ng bisikleta, kareta, bangka at iba pa. Kamanghamangha ang kagitingan at sakripisyong ipinamalas noon ng milyunmilyong Vietnamese.

Noong buwan ding iyon, sinimulan ng mga tropang VNPA ang paglulunsad ng mga atake sa hilagang-kanluran. Malalaking bilang ng kaaway ang nalipol ng mga tropang Vietnamese sa pagpapatuloy ng opensiba, at malalaking tipak ng mga teritoryong dating hawak ng mga Pranses ang napalaya. Samantala, naglunsad rin ng opensiba ang mga pwersang Pathet Lao (rebolusyonaryong kilusan sa Laos) at mga Boluntir ng Mamamayang Vietnamese sa Gitnang Laos upang ilihis ang atensyon ng kaaway sa Dien Bien Phu habang pinagtutulungan ang pagsusulong din ng digmang bayan sa Laos. Kaalinsabay, pinaigting nang husto ang pakikidigmang gerilya sa mga teritoryong hawak pa ng kaaway sa Hilaga at Gitnang Vietnam.

Sa mahigpit na pagkakaisa at koordinasyon ng mamamayan at ng hukbong bayan, nagawang bingi at bulaq ang kaaway. Napaniwala ng VPNA ang mga pwersa ng France na tapos na ang opensiba ng mga Vietnamese. At noong Marso 13, inilunsad ng 50,000-kataong tropa ng VPNA ang isa sa pinakamalalaking opensiba laban sa lito at kalat-kalat na pwersa ng France. Kinubkob ng mga Vietnamese ang malaking pwersa ng kaaway sa lubhang nakahiwalay na moog ng Dien Bien Phu. Ang labanang ito ay naitala sa kasaysayan ng syensa militar bilang isa sa pinakamagigiting na labanan sa ika-20 siglo. 🖪

#### Cuba, naghahanda sa pagsalakay ng US

U mabot sa isang milyong mamamayan ng Cuba ang nagdemonstrasyon noong Mayo 14 sa Havana, kabisera ng bansa, upang ibunyag at tutulan ang panibagong mga hakbangin ng gubyerno ng US na gipitin ang Cuba at ang gubyerno ni Pres. Fidel Castro. Sa harap ng ibayong panggigipit at banta ng pagsalakay ng US sa bansa, itinaas ng gubyernong bayan ang kahandaang militar ng 11.2 milyong Cubano.

Itinulak kamakailan ni Pres. George W. Bush ang pagpapahigpit sa apat na dekada nang embargo ng US laban sa Cuba. Naglaan din ang rehimeng Bush ng inisyal na \$59 milyon para sa iba't ibang aktibidad at operasyon para atakehin ang Cuba. Pinakamalaking bahagi nito (\$36 milyon) ang inilaan para pondohan ang mga kontrarebolusyonaryong grupo sa loob ng Cuba. Ang \$18 milyon ay inilaan naman para sa regular na pagpapalipad ng isang eroplanong militar na magbobrodkas sa himpapawid ng Cuba ng propaganda laban sa gubyerno ni Castro.

Hinigpitan ang restriksyon sa pagpapadala ng pera ng mga Cubanong nakatira sa US tungo sa kanilang mga kamag-anak sa isla. Ang mga padalang ito na umaabot sa \$1.2 bilyon kada taon ay may malaking naitutulong sa kabuhayan sa Cuba. Nilimita na rin sa minsan bawat tatlong taon ang dati'y pinahihintulutang taunang pagbisita nila sa mga pamilya nila sa Cuba.

Maging ang mga tutol sa pamumuno ni Castro ay mariing bumabatikos sa mga pinakahuling kontra-demokratiko at kontra-rebolusyonaryong hakbang na ito ng US.



#### 4 na armas nasamsam sa mga ambus sa Western Mindanao

APAT na riple ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan sa Western Mindanao sa dalawang ambus na inilunsad nito noong Mayo 11. Ayon sa ulat-koresponsal mula sa rehiyon, apat na elemento rin ng kaaway ang napatay sa mga opensibang ito.

Sa Tinuyop, Leon B. Postigo, Zamboanga del Norte, nakakumpiska ng tatlong M14 ang mga gerilya ng Front Feliciano-A ng BHB nang tambangan nila noong Mayo 11 ang mga nagpapatrulyang sundalo na nagmula sa Barangay Sipakong ng naturang munisipalidad. Tatlong elemento ng CAFGU ang namatay sa labanan.

Noong araw ding iyon, sa

Concepcion, Misamis Occidental, inambus ng BHB sa Front Monterosa District I ang 12 armadong maton na nagwala nang manalong alkalde ng Concepcion ang kani-

lang amo na si ex-Col. Benjamin Pilota. Isang karbin ang nakumpiska mula sa napatay na elemento ng CAFGU na kabilang sa *private army* ni Pilota.

#### Presyo ng langis, muling itinaas

MULING itinaas ang presyo ng langis nitong Mayo 18. Tumaas nang P1 kada litro ang presyo ng gasolina at krudo at P1 kada kilo ang *liquefied petroleum gas* (LPG). Ayon sa mga kumpanya ng langis, tataas pang muli ang presyo ng mga produktong petrolyo pagsapit ng Hunyo.

Mula nang ipatupad ng reaksyunaryong gubyerno ang deregulasyon sa industriya ng langis noong Abril 1996, mahigit 250% na ang itinaas ng presyo ng mga produktong petrolyo. Nitong huling mga buwan lamang, aabot na sa P5 ang itinaas ng presyo ng langis. Dahil sa deregulasyon, walang renda ang panghuhuthot ng mga dayuhang kumpanya ng langis ng papalaking tubo mula sa mamamayan.

#### Mga Palestinong refugee minasaker ng Israel

ISANG malawakang masaker ng mga Palestino sa mga refugee camp (kampo ng mga bakwet) sa Rafah, Nusseirat at al-Bureij sa Gaza Strip ang isinagawa ng Israeli Defense Forces noong Mayo 18-20. Ito na ang pinakamabagsik na masaker ng mga Palestino sa loob ng isang taon.

Pinagbabaril ng mga Israeli ang 3,000 Palestinong nagpoprotesta sa demolisyon ng Israel sa kanilang mga bahay. Nagsikap lumaban ang mga Palestino gamit lamang ang mga riple, granada at bato. Napatay ang 41 Palestino, na pawang mga bata at kabataan, at nasugatan ang mahigit 80 pa nang ilunsad ng Israel ang "Operation Rainbow" na kinatangian ng pagdemolis sa daan-daang mga bahay, pagwasak ng mga kalsada at pagpapalikas ng mga tao sa Rafah. Umabot nang 1,600 ang nawalan ng tirahan.

Ang mga demolisyon ay isinagawa dahil ang lugar umano ay basehan at armori ng mga teroristang Palestino.

#### **PAGTUTUWID**

AYON sa pinakahuling mga ulat mula sa Leonardo Panaligan Command ng BHB-Negros, dalawang .45 pistola at hindi isa ang nasamsam mula sa reyd sa isang *police outpost* sa Sityo Inayawan, Barangay Masulog, Canlaon City. Ayon din sa ulat, isang apat-kataong *commando team* ng BHB ang nagsagawa ng walang-putok na reyd at hindi isang 15-kataong yunit. Madaling araw ng Mayo 5 isinagawa ang reyd, at hindi umaga ng Mayo 6, tulad ng naiulat sa isyung Mayo 7 ng *AB*. Humihingi ng paumanhin ang patnugutan ng *AB* sa mga pagkakamaling ito.

Ang pagwasak sa mga bahay at imprastruktura, na sinabayan ng walang habas na pagpapaputok ng mga *missile* mula sa mga tangke at helikopter, ay mariing kinundena ng mga Palestino at mamamayan ng daigdig. Itinuring ito ng mga pinuno ng United Nations na mabigat na krimen sa digmaan at matinding paglabag sa pandaigdigang makataong batas. Nagpasa ng resolusyon ang UN Security Council noong Mayo 19 na nananawagan sa Israel na itiqil ang mga demolisyon at tumalima sa internasyunal na batas. Tulad ng dati, ang US ang tanging hindi pumirma sa resolusyon.

Samantala, sinabi ng mga militanteng Palestino na lalo lamang pinatatag ng karumal-dumal na masaker ang kapasyahan ng mamamayang Palestino na lumaban at nangako silang ipagpapatuloy ang paghihimagsik hanggat di sila nakalalaya mula sa pananakop at pang-aapi ng Israel.



Taon XXXV Blg. 10 Mayo 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

## Malawakan ang karahasan at pandaraya sa nagdaang eleksyon

aitatala ang katatapos lamang na eleksyon bilang isa sa mga pinakamadugo at pinakabat-🖢 bat ng anomalya sa kasaysayan ng papet na republika. Muling pinatutunayan ng dumi at dahas ng

halalang 2004 na ang mga reaksyunaryong eleksyon ay hindi kailanman maaaring maging demo-

kratikong paraan ng pagluluklok ng mga pinunong tunay na kakatawan sa interes ng mamamayan.

Bago man ang eleksyon, tahasan na ang pandaraya ng rehimenq Arroyo nang gamitin nito and pondo at rekurso ng qubyerno sa pangangampanya. Sarisaring maruruming

taktika rin ang ginamit upang makansela ang kandidatura o mailagay sa alanganin ang mga pangunahing karibal ni Arroyo sa pagkapresidente.

Bukod rito, isang sistematikong kampanya ng pananakot, pamamaslang at paninira ang inilunsad ng mga reaksyunaryo sa pangunguna ng

National Security Adviser na si Norberto Gonzales, ng militar at pulisya at ng iba pang ultra-Kanang elemento laban sa mga progresibong partido at kandidato.

EOX

Bunga nito, sa mahiqit 140 kataong napatay at di pa mabilang na nabiktima ng harasment at iba pang paglabag sa karapatang-tao kaugnay ng elek-

syong ito, halos sangkatlo ay mga myembro ng Bayan Muna (BM) at iba pang progresibong partido.

Pagsapit ng eleksyon, qinamit laban sa mga progresibo ang parehong mga pamamaraan sa pandaraya at manipulasyon na nakatu-

on sa mga karibal ni Arroyo sa paqkapresidente.

> Lantarang nagkalat ng itim na propaqanda ang militar laban sa mga progresibong partido kandidato at nanghima-

Mga tampok sa isyung ito...

Panununog sa Isabela, kinundena ng BHB PAHINA 3 Pilipinas, baon at lugmok sa utang PAHINA 5 World Bank, palabigasan ng mga imperyalista PAHINA 6